

Fukushima NOW

Ang Prepektura ng Fukushima International Association ay gustong ipakilala ang Fukushima sa iba't ibang wika sa tulong ng "Now" sa pamamagitan ng pag record ng mga tinig ng mga banyagang residente ng Fukushima at ang kani kanilang pag sisikap para makabangon matapos maganap ang sakuna, kahit na sa pamamagitan ng palitang pang-internasyonal o pag sisikap ng iba't ibang organisasyon.

※Ang mga may iba't ibang wikang diyaryo ay puwedeng idownload sa homepage ng FIA.



Voices from Fukushima

Iparating sa aking bansa ang kagandahan ng tanawin sa Aizu

Sonia Naomi Arai (galing Brazil, kasalukuyang naninirahan sa Aizu-Wakamatsu)



Ako ay dumating dito sa Hapon noong nakaraang tagsibol bilang isang prefecture sponsored exchange student at kasalukuyang nag-aaral sa Unibersidad ng Aizu. Ang aking mga ninuno ay dito ipinanganak at nanirahan sa Fukushima noon. At sa koneksyon nito ay marami akong sinalihang mga programa o ebento na isinagawa ng Fukushima Kenjinkai. At ngayon ang kahilingan kong mabisita ang

aking pinagmulan lunsod Fukushima at ang makapag aral dito sa Hapon ay nagkatutuo. Ng dumating ako dito sa Hapon, ang cherry blossoms sa Aizu ay nasa full bloom, at na inlove ako sa kagandahan nito.

Tungkol sa naganap na napakalakas na lindol sa silangang bahagi ng Hapon, dito sa aking bansa ay maraming paraan para makatanggap ng mga impormasyon. Ang impormasyong pinagtuunan ko ng pansin ay ang tungkol sa kung may epekto ba ito o wala sa kalusugan at kung ang radyasyon ba ay naging hadlang o hindi sa pang araw araw na pamumuhay. Para makamtan ko ang impormasyon tungkol dito ay naghintay ako ng opisyal na reports mula sa organisasyong espisyalista sa kalusugan at radyasyon.

Sa aking bansa Sao Paulo, Brazil hindi kami nakakaranas ng mapakalakas na ulan, bagyo, at malakas napag ulan ng yelo kaya wala akong kaalaman kung ano ang dapat gawain at kung papaano gumalaw sa oras na maganap ang hindi unaasahan, ngunit

ngayon ay isinasaalang alang ko na ang ganitong mga bagay. Maliban sa araw araw napag-aaral ko sa unibersidad, ako ay sumasali sa mga ebentong ginaganap sa prepektura at ang palitang ebento ng ibang kultura. Bumisita na rin ako sa mga sikat na lugar ng Fukushima nakita ko at napag alaman na masagana at puno ng buhay ang bawat araw ng Fukushima. Ang aking landas galing bahay papuntang eskwelahan ay madadaan ko ang Bundok ng Bandai na may background na palayan at hindi ko pinalalampas ang pagkakataon na kuhaan ng litrato ang kagandahan ng tanawing ito. Nag pla-plano akong gumawa ng timelapse kung papaano maging bigas ang palay simula sa pag aayos ng taniman, pagtanim ng palay, at ang pag aani ng palay para ipaalam ang kagandahan ng tanawin at kalikasan ng Aizu.



▲ Noong buwan ng Hunyo, ako ay sumali sa ebento na sponsored ng prepektura

Mabatid ang kaimportantihan ng komunikasyon sa oras ng kapahamakan

Christina Iwasawa (mula Pilipinas at kasalukuyang naninirahan sa Shirakawa)



Ng dumating ako dito sa Hapon nanirahan ako pansamantala sa Tokyo, Hiroshima, at Gunma ngunit ngayon ay naninirahan dito sa Shirakawa nang halos mga sampung (10) taon na. Ikumpara sa Pilipinas ang araw-araw na pamumuhay dito sa Hapon ay napaka tiwasay. At naniniwala akong may tamang sistema para sa mga kababaihan upang makapag trabaho ng matiwasay. Kaya kahit saang lugar man ako tumira dito sa Hapon ay wala akong masasabing masama o laban dito dahil matiwasay ang bawat lugar na aking napuntahan. Ngunit noong kapanahunan ng maganap ang malakas na lindol ay wala akong natanggap na kaukulang impormasyon kaya ang pag kuha ko ng nararapat na impormasyon tulad ng galing sa Embahada ng Pilipinas ay nahirapan ako at napag alaman ko ito ng makalipas na ang mga isinagawang tulong ng Embahada ng Pilipinas. At dahil sa karanasang ito ay hindi ko inilalayo sa akin ng aking smartphone, malaki ang naitutulong sa akin sa pakikipag komunikasyon sa aking mga kaibigan at mga kababayan at kung sakali mang magkaroon



▲ Ako ay nagtrabaho sa lunsod ng Shirakawa mula ng maganap ang sakuna

ng suliranin sa pang araw-araw na pamumuhay. Dahil matagal tagal na rin akong naninirahan dito sa Hapon, kaya ko nang mamuhay ng walang inaasahan. Ngunit pag dating sa mga paala-ala galing sa eskwelahan ng mga anak ko at mga sulat galing sa munisipyo na puro sa wikang Hapon ang naka sulat ay nahahirapan akong basahin ito. At isa pang ipinag aalala ko ay papaano na kung tumanda na ako, tungkol sa pension ko, sa pag- aalaga dahil maraming mga bagay na hindi ko maintindihan. Alam kung maraming mga banyagang matagal ng naninirahan dito na nag-aalala din pareho ko. Kung mag kakaroon ng pagkakaton sa katulad ko na puwedeng makapag-aral o magkaroon ng programa para dito ay hindi ako mag-aatubiling sumali.

Scenes of Fukushima

Magkaroon ng kaalaman tungkol sa kalagayan ng Fukushima ngayon sa pamamagitan ng karanasan sa Commutan Fukushima

Ang Commutan ay inilunsad sa Miharu-machi, kung saan ang numero ng field trips ng elementary at junior high school, tour groups mula sa ibang bansa at grupo ng mga gumagawa ng documentary program tungkol sa pag-unlad ng Fukushima batay sa pag-kuha ng sukat ng renewable energy ay dumarami. Ang Commutan ay lugar ng iba't ibang pagtatanghal na nagpapakita ng natural na kapaligiran at kapalibanayan ng radyasyon sa Fukushima. Meron din ditong napakalaking screen nanagpapalabas ng iba't ibang klase ng maikli at pang-edukasyong pelikula. Ang lahat ng pagsisikap na ito ay nakakatulong sa mga bumibisita para naintindihan ang kasalukuyang sitwasyon sa Fukushima. Sa interactive area's "Radyasyon Lab" ay maaari kang matuto sa sarili mo sa pamamagitan ng pag-basa ng mga naka-display na impormasyon at ang pag-sali sa mga palaro. Na nakatutulong sa mga bisita na alamin ang diperensya sa pagitan ng radiation, radioactive, at radioactive materials. At matututo din ang mga bisita kung papaano alamin ang dosages ng radiation. At sa tulong ng mga impormasyon dito, ang mga bisita ay magkakaroon ng kaalaman kung papaano mag-desisyon pansarili tungkol sa radiation.



▲ Dayuhang bisita, inuobserbahan ang mga displays sa loob ng Radiation Lab na punong-puno ng paghahangad

Palitang Kultura sa Vietnam, Banyagang pag-aaral ng estudyante



▲ Ang Vietnamese na estudyante ng banyagang pag-aaral Thuy, nagpipinta ng kokeshi doll

Sa tulong ng Fukushima-Vietnam Friendship Association, dalawang (2) estudyante ng Unibersidad ng Phuong-Dong ang dumating noong Hulyo 9 para sa tatlong linggong (3) pag-aaral sa lunsod ng Fukushima. Ang layunin nila ay pag-aralan kung papaano ang mag-negosyo at ang mga paraan at kaugalian ng mga Hapon kung papaano magtaguyod ng negosyo. Noong Hulyo 17, ang mga estudyante ng short-terms kasama ang siyam (9) na Vietnamese na estudyante ng

banyagang pag-aaral buhat sa Unibersidad ng Fukushims ay sumali sa bus tour papuntang Tsuchiyu Onsen at nakaranas sila ng pag-ligo sa hot springs at pag-pinta ng mga kokeshi dolls.

Bon Dance Amerikano ang nagsayaw na ang angkan ay Fukushima

Halos walumpung (80) katao galing Honolulu Fukushima Kenjinkai at ang Honolulu Fukushima Bon Dance Club ay nagpalabas para sa Fukushima Hawaii Bon Dance Festival noong Hulyo 22 sa Shiki no Sato lunsod ng Fukushima. Ang tradisyonal na Bon Odori ay tumawid sa ibang bansa dala ng mga permanenting nanirahan galing Fukushima sa Hawaii na hanggang ngayon ay kinikilala parin bilang Bon Dance. Sa pamamagitan nito, ang mga galing Fukushima ay nagkaroon ng pagkakataong makipag-sayaw sa mga residente ng Fukushima na naging tulong para magkakilala at magkaunawaan sa isa't isa. Napakalaki at lalim ang naging kahulugan sa mga kasali at mga nagpartisipa sa nasabing festival.



▲ Larawan ng mga nagpartisipante na masayang nag-sasayaw ng bon dance

Impormasyon para sa pag-susumikap makabangon buhat sa "Fukushima Restoration Station" iba't ibang wika

Sa Fukushima Prefecture's official revitalization na may kaugnayang impormasyon portal site "Fukushima Restoration Station" ay naglunsad ang pinakabagong data para sa ligtas na pagkain at ang mga aktibidadis ng mga sumu-suporta sa Fukushima sa pamamagitan ng 9 na wika (Hapon, Ingles, Mandarin, Koreyano, German, French, Italiano, Espanyol, at Portuguese).

Fukushima Restoration Station <http://www.pref.fukushima.lg.jp/site/portal-english/>



Impormasyon buhat sa FIA

● Impormasyon hinggil sa konsultasyon ukol sa pamumuhay ng mga dayuhan dito sa Fukushima

Dito sa FIA ay mayroong konsultasyon para sa mga dayuhan sa ibat-ibang wika.

- Ang linguaheng English, Intsik, Hapones ay mula Martes hanggang Sabado sa oras na alas nuebe hanggang alas sinko ng hapon
- Sa linguaheng Koreano, Tagalog at Portuges naman ay tuwing Huwebes sa oras na alas dies hanggang alas dos ng hapon.
- ※ Tuwing ika-apat at ika-limang Huwebes ng buwan ay kinakailangang kumuha ng reserbasyon.

Telepono: 024-524-1316 (pribado)

E-mail : ask@worldvillage.org (pribado)

Publisher

Fukushima International Association

Address : 〒960-8103

Funabacho 2-1, Fukushima City,
Fukushima Prefecture

TEL : 024-524-1315 FAX : 024-521-8308

E-mail : info@worldvillage.org

URL : <http://www.worldvillage.org>

Kasalukuyan ang pag-lalagay ng impormasyon sa SNS sites ay ginagawa kaagad pag-nalaman namin ito

Facebook : <https://www.facebook.com/fiainfo>

Twitter : https://twitter.com/fia_info